REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 41

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN NA LUMAHOK ANG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA MMINUTE PHASE II FRINGE PROGRAM.

---

SAPAGKAT, ang MMINUTE PROGRAM na isinasagawa sa ilalim ng THIRD URBAN DEVELOPMENT PACKAGE na pinangangasiwaan ng Department of Public Works and Highways ay napag-usapan at naipaliwanag sa mga kasapi ng Sangguniang Bayan noong Hulyo 12, 1988;

SAPAGKAT, ang PHASE I ng kaparehong programa ay nakinabang ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa lalong-lalo na sa pag-unlad ng mga hikahos na lugar sa Bayan ng Muntinlupa tulad ng sa Montillano st., Alabang, San Guillermo st.,Cupang at Estehonor St. sa Alabang;

SAPAGKAT, ang PHASE II ng programa na kilala sa tawag na MMINUTE PHASE II FRINGE PROGRAM ay darating na at kinakailangan ng karagdagang mga sangkap tulad ng pagpapabuti ng Pamilihang Bayan, patayan ng hayop (slaughterhouse) at mga silid-aralan;

SAPAGKAT, napagkasunduan ng konseho na ang maklahok sa programa ay malaki ang maitutulong sa mamamayan at sa Pamahalaang Bayan.

NGAYON, DAHIL DITO, sa mungkahi ni konsehal Lucio Constantino at may karampatang pumangalawa na pinagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na ang paglahok ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa MMINUTE PHASE II FRINGE PROGRAM at sa pamamagitan nito, ito'y pinagtitibay.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, na ang sipi ng Kapasiyahan na ito ay ipadala sa Metro Manila Infrastructures, Utilities and Engineering Program para sa kanilang kaalaman at pagpatnubay.

PINATUTUNAYANG TUTOO :

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Hulyo 12, 1988